Paano iniuulat ang mga resulta ng CELDT sa mga indibidwal na estudyante?

May limang antas ng kasanayan sa Ingles na makakamit ng estudyante. Ang mga ito ay: nagsisimula, maagang intermedya, intermedya, maagang mataas, at mataas.

Ang ulat para sa bawat estudyante ay nagkakaloob ng:

- Isang antas ng kasanayan para sa bawat bahagi ng iksamen na may mga puntos ng estudyante
- Pangkalahatang antas ng kasanayan sa Ingles ng estudyante para sa lahat ng bahagi ng iksamen at isang pangkalahatang puntos ng estudyante

Paano ginagamit ang mga resulta ng CELDT?

Ang mga resulta para sa mga bagong estudyante ay ginagamit upang makatulong na matukoy ang mga Nag-aaral ng Ingles na kailangang paunlarin ang kasanayan sa pagsasalita, pakikinig, pagbabasa, at pagsusulat sa Ingles. Ang mga resulta mula sa CELDT na ibinibigay taun-taon ay ginagamit upang makita kung gaano kahusay na natututo ng Ingles ang mga estudyante. Ang mga taunang resulta ay ginagamit din upang makatulong na pagpasiyahan kung kailan masasabing ang mga estudyante ay Mahusay o Sanay na sa Ingles (FEP).

Paano makakakuha ng karagdagang kaalaman ang mga magulang/tagapangalaga tungkol sa CELDT o sa mga resulta ng kanilang estudyante?

Kung nais ng mga magulang/tagapangalaga ng impormasyon tungkol sa CELDT o sa mga resulta ng kanilang estudyante sa CELDT, dapat silang makipag-ugnayan sa guro at/o opisina ng paaralan ng kanilang estudyante. Ang mga magulang/ tagapangalaga ay hinihimok na humiling ng isang komperensiya upang suriin ang mga resulta ng CELDT o dumalo sa isa sa mga pulong na pang-impormasyon na itinatakda ng paaralan.

Para sa karagdagang impormasyon...

Impormasyon tungkol sa CELDT:
http://www.cde.ca.gov/ta/tg/el.
sa Internet.

Iksamen ng California sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles

(California English Language Development Test)

Impormasyon para sa mga Magulang

Inihanda ng
Dibisyon sa mga Pamantayan at Pagtasa
Kagawaran ng Edukasyon ng California

Tagalog DSP 68-H

Ano ang Iksamen ng California sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles?

Ang batas ng estado (Seksiyon 313, 60810, at 60812 ng Kodigo sa Edukasyon) ay nag-aatas ng pagbuo ng isang iksamen ng estado na dapat ibigay ng mga distrito ng paaralan sa mga estudyante na ang wika sa tahanan ay hindi Ingles. Ang iksameng ito ay tinatawag na Iksamen ng California sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (California English Language Development Test, CELDT).

Ano ang layunin ng CELDT?

Ang layunin ng iksameng ito ay:

- Upang matukoy ang mga bagong estudyante na Nag-aaral ng Ingles, sa kindergarten hanggang sa grado 12.
- Upang masubaybayan ang kanilang progreso sa pag-aaral ng Ingles.
- Upang makatulong na pagpasiyahan kung kailan masasabing sila ay sanay na sa Ingles.



Iksamen ng California sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles

Sino ang Nag-aaral ng Ingles?

Ang Nag-aaral ng Ingles ay isang estudyanteng ang wika sa tahanan ay hindi Ingles at hindi pa sanay sa Ingles.

Sino ang dapat kumuha ng CELDT?

Lahat ng estudyante na ang wika sa tahanan ay hindi Ingles ay dapat kumuha ng iksamen sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkaraang magpatala sa unang pagkakataon sa isang pampublikong paaralan sa California. Ang CELDT ay dapat ding ibigay minsan sa bawat taon sa mga Nag-aaral ng Ingles hanggang sila ay maging sanay sa Ingles.

Ano ang sakop ng CELDT?

Ang CELDT ay sumasakop sa mga kasanayan sa pakikinig at pagsasalita para sa mga estudyante sa kindergarten at grado 1. Ang iksamen sa mga estudyante sa grado 2 hanggang 12 ay sumasakop sa mga kasanayan sa pakikinig/pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat. Ang CELDT sa lahat ng antas ng grado ay batay sa mga pamantayan sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles.

Sino ang Nagbibigay ng CELDT?

Tanging mga bihasang taga-iksamen ang nagbibigay ng iksamen. Ang mga bahaging pakikinig at pagsasalita ng CELDT ay ibinibigay nang isa-isa sa bawat estudyante. Ang mga bahaging pagbabasa at pagsusulat ay ibinibigay sa mga grupo ng estudyante.

Gaano karaming oras ang kailangang gugulin ng mga estudyante para matapos ang CELDT?

Ang bahaging pakikinig at pagsasalita ng iksamen ay umaabot ng mga 15 minuto bago matapos ng bawat estudyante. Ang bahaging pagbabasa at pagsusulat ay umaabot ng mga 70 minuto bago matapos.

Paano at kailan nakukuha ng mga magulang/tagapangalaga ang mga resulta ng iksamen ng kanilang mga estudyante?

Sa sandaling mabigyan ang mga iksamen ng puntos ng mga kinontrata sa pag-iksamen, ang resulta ay ibabalik sa distrito ng paaralan. Ihahanda ng distrito ng paaralan ang isang ulat ng mga resulta para sa bawat estudyante at ipapadala ito sa mga magulang/tagapangalaga.